

Rush University Medical Center/Rush Oak Park Hospital / Rush Copley Medical Center / Rush Medical Group

**Pananalapi ng Pangangalagang Pangkalusugan
Patakaran at Pamamaraan para sa Pag-access ng Pasyente at Pagsingil sa Pasyente**

Seksyon: Mga Programang Tulong sa Pananalapi

Paksa: Patakaran sa Tulong sa Pananalapi

Epektibong Petsa: 07/01/2024

Layunin

Ang mga probisyon ng patakarang ito ay nalalapat sa Rush University Medical Center ("RUMC"), Rush Oak Park Hospital ("ROPH"), Rush Copley Medical Center ("RCMC"), at Rush Medical Group ("RMG"). Kolektibong kilala bilang "**Rush**". Bilang bahagi ng misyon ng Rush na magbigay ng komprehensibo, coordinated na pangangalagang pangkalusugan sa aming mga pasyente, nag-aalok kami ng ilang programang tulong sa pananalapi upang matulungan ang mga pasyente sa kanilang mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga serbisyong medikal na kinakailangan o lumilitaw. Sa Rush, itinuturing ang lahat ng pasyente na may dignidad anuman ang kanilang kakayahang magbayad. Hindi kailanman ipagkakait o maaantala ang mga serbisyong pang-emergency batay sa kakayahan ng pasyente na magbayad. Inilalarawan ng patakarang ito ang mga pangyayari kung saan maaaring magbigay ang Rush ng pangangalaga nang walang bayad o may diskwento batay sa pinansiyal at klinikal na pangangailangan ng pasyente, na kolektibong tinutukoy bilang 'Financial Assistance Programs' ng Rush. Tinutukoy ng patakarang ito ang mga alituntunin at pamantayan upang maging karapat-dapat para sa lahat ng bahagi ng Mga Programang Tulong sa Pananalapi ng Rush. Ang anumang tulong sa pananalapi na iginawad ay ilalapat sa responsibilidad ng pasyente para sa emergency o iba pang serbisyong medikal na kinakailangan lamang.

Ang tulong sa pananalapi, tulad ng nabanggit sa ibaba, ay maaaring saklawin ang mga deductible at coinsurance ng isang pasyente na natitira pagkatapos ng seguro. Ang mga copayment ng pasyente ay hindi karapat-dapat para sa tulong sa pananalapi. Katulad nito, ang tulong sa pananalapi ay hindi magagamit ng mga pasyenteng tumatanggap ng pangangalaga sa Rush bilang wala sa network maliban sa mga serbisyong pang-emergency. Ang tulong sa pananalapi ay magagamit lamang ng mga pasyenteng ang mga serbisyo ay itinuturing na medikal na kinakailangan o pang-emergency.

Nilalayan ng patakarang ito na sumunod sa Seksyon 501(r) ng Internal Revenue Code, sa Illinois Hospital Uninsured Patient Discount Act ("**Batas sa Diskwento**") at sa Illinois Fair Patient Billing Act ("**Batas sa Pagsingil**") at sa mga regulasyon na ipinahayag nito at dapat ipaliwanag at ilapat alinsunod sa mga batas at regulasyon na iyon.. Ang patakarang ito ay hiwalay na pinagtibay at nirerepaso taun-taon ng mga namamahaling lupon ng bawat pasilidad ng ospital ng Rush.

Inilalarawan ng Patakarang ito: (i) ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat para sa tulong sa pananalapi, at kung ang naturang tulong ay may kasamang libre o may diskwento na mga serbisyo; (ii) ang batayan sa pagkalkula ng mga halaga na sinisingil sa mga pasyente; (iii) ang paraan ng aplikasyon ng tulong sa pananalapi; (iv) ang mga aksyon sa koleksyon na maaaring gawin ng Rush sa kaganapan ng hindi pagbabayad, kabilang ang mga aksyong sibil sa pagkolekta, pag-uulat sa mga ahensya ng pag-uulat ng credit ng consumer, at potensyal na ipagpaliban ang pangangalaga na hindi pang-emergency o agaran; at (v) ang pamamaraan ng Rush sa mga pagpapasya ng ipinapalagay na pagiging karapat-dapat at ang mga uri ng impormasyon na gagamitin nito sa pagtatasa ng ipinapalagay na pagiging karapat-dapat.

Maaaring hingin sa isang pasyente na tapusin ang isang aplikasyon at magbigay ng mga suportang dokumento tulad ng nakabalangkas sa ibaba upang matukoy ang pagiging karapat dapat. Para sa mga programa ng Presumptive Charity Care at Uninsured Patient Discount, sa sarili nitong paghuhusga maaaring hindi kailanganin ng Rush ng mga suportang dokumento, sa kondisyong magagawang patunayan ng Rush ang pagiging karapat-dapat sa pamamagitan ng paggamit ng serbisyo ng third party. Kung maging kwalipikado ang isang pasyente para sa higit sa isang programa, makapangyayari ang programang nagbibigay ng pinakamalaking benepisyo sa pasyente.

Susunod ang Rush sa lahat ng batas, patakaran at regulasyon ng pederal, estado at lokal, na naaangkop sa pag-uugali na inilarawan sa patakaran na ito. Kung ang pagbibigay ng tulong sa pananalapi ay maging saklaw ng karagdagang mga kinakailangan ng pederal, estado o lokal na batas, at nagpapataw ang mga batas na iyon ng mas mahigpit na mga kinakailangan kaysa sa inilarawan sa patakarang ito, makapangyayari ang mga batas na iyon sa kung paano pinangangasiwaan ng Rush ang programang tulong sa pananalapi nito.

Ang mga eksepsiyon sa patakarang ito ay gagawin lamang sa pambihirang mga pangyayari at may paunang pahintulot ng Bise Presidente ng Revenue Cycle, CFO o itinalaga.

Mga Programang Tulong sa Pananalapi

Maliban sa nabanggit sa ibaba, **kailangan ang patunay ng paninirahan sa Illinois (kabilang ang 3 Indiana collar county ng Lake, LaPorte at Porter) para sa kwalipikasyon para sa alinman sa mga programang inilarawan sa patakarang ito.** Ang ibig sabihin ng "Illinois resident" ay sinumang tao na nakatira sa Illinois at balak na manatiling nakatira sa Illinois nang walang hanggan. Ang paglipat sa Illinois para sa tanging layunin ng pagtanggap ng mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan ay hindi nakasasapat sa mga kinakailangan sa paninirahan.

Ang mga programang tulong sa pananalapi ng Rush ay ang mga sumusunod:

1. **Presumptive Charity Care** – Ang bill ng ospital at propesyonal na bill ay binabawasan ng 100% sa isang pana-panahong batayan para lamang sa mga pasyenteng hindi nakaseguro. Kwalipikado ang pasyente at hindi kinakailangang tapusin ang isang aplikasyon kung totoo ang isa sa mga sumusunod na pamantayan:
 - Ang Kita ng Pamilya ay 0 – 200% ng Federal Poverty Guidelines
 - Karapat-dapat ang pasyente para sa Medicaid para sa iba pang petsa ng serbisyo o mga serbisyong itinuturing na hindi saklaw ng Medicaid
 - Nakatala ang pasyente sa, o karapatdapat para sa, programa ng tulong para sa mga indibidwal na may mababang kita (WIC, SNAP, Programa ng Libreng Almusal/Tanghalian ng IL, Programang Tulong sa Enerhiya ng Tahanang may Mababang Kita, Medikal na Tulong na Nakabase sa Komunidad o tumatanggap ng Kaloob na Tulong).
 - Walang bahay, patay na walang ari-arian, o may kapansanan sa isipan na walang sinumang kikilos para sa pasyente
 - Nakakulong sa isang bilanguan

Nilalayan ng patakarang ito na magsilbing Presumptive Eligibility Policy ng Rush, ayon sa kinakailangan ng batas ng Illinois. Ilalapat ng Rush ang nakasaad na pamantayan sa ipinapalagay na pagiging karapat-dapat sa mga pasyenteng hindi nakaseguro sa lalong madaling panahon matapos matanggap ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa Rush at bago maglabas ang Rush ng anumang mga bayarin para sa mga nasabing serbisyo.

2. **Diskwento para sa Hindi Nakaseguro na Pasyente** – Binabawasan ang bill ng ospital at propesyonal na bill ng 80%, sa pana-panahong batayan, para sa mga pasyenteng hindi nakaseguro at ang kita ng pamilya ay katumbas o mas mababa sa 600% ng Federal Poverty Guidelines. Hindi kinakailangang tapusin ng isang pasyente ang aplikasyon ng tulong sa pananalapi kung mapatunayan ng Rush sa pamamagitan ng iba pang paraan na natutugunan ng pasyente ang mga kwalipikasyong ito.
3. **Charity Care Program** – Binabawasan ang bill ng ospital at propesyonal na bill ng 100%, sa pana-panahong batayan, kung magpapasa ng lahat ng kinakailangang dokumento (ayon sa inilarawan sa ibaba) para sa mga pasyenteng hindi nakaseguro o nakaseguro at ang kita ng pamilya ay katumbas o mas mababa sa 300% ng Federal Poverty Guidelines. Maaaring ilapat ang benepisyo ng Charity Care pagkatapos ng pagbabayad ng seguro para saklawin ang mga deductible at coinsurance lamang. Hindi karapat-dapat ang mga copayment para sa diskwentong ito.
4. **Programang Diskwento para sa Kulang ang Seguro** – Binabawasan ang bill ng ospital at propesyonal na bill ng 80%, sa pana-panahong batayan, para sa mga pasyenteng kulang ang seguro at ang kita ng pamilya ay mas mataas sa 300% at katumbas o mas mababa sa 400% ng Federal Poverty Guidelines.

5. **Programa ng Balanse sa Sakuna** – Binabawasan ang ospital at propesyonal na bill hanggang sa maximum na 20% ng kita ng sambahayan sa panapanahong batayan, sa panahon ng isang nagpapatuloy na labindalawang-buwang panahon, napapailalim sa pagsusumite ng lahat ng kinakailangang dokumento.
6. **Programa ng Diskwento sa Pagbabayad nang Sarili** – Lahat ng pasyenteng hindi nakaseguro na hindi kwalipikado sa isa sa mga programang pinansyal na tulong na inilarawan sa itaas ay maaaring maging karapat-dapat para sa 50% diskwento anuman ang paninirahan sa estado
7. Karagdagang naaprubahang mga programa na kasama sa "Addendum 1".

Pangkalahatang ideya ng Proseso ng Aplikasyon sa Tulong sa Pananalapi

Mga Responsibilidad ng Pasyente – Upang maging karapat-dapat sa tulong sa pananalapi, ang isang tao ay dapat:

- a. Maubos ang lahat ng pagsisikap upang mabawasan ang iyong balanse sa pagbabayad nang sarili sa pamamagitan ng:
 - i. Pag-apply para sa anumang tulong ng estado, pederal o lokal na maaaring maging karapat dapat ang indibidwal.
 - ii. Pag-maximize ng mga benepisyo sa seguro sa pamamagitan ng pagtupad sa lahat ng kahilingan sa dokumentasyon at pagsisikap na matamo ang lahat ng magagamit na mapagkukunan ng pondo (kalusugan/bahay/seguro ng sasakyan, kabayaran ng manggagawa, pananagutan ng third party, atbp.)
 - iii. Paglalapat ng lahat ng mga nalikom para sa mga kampanya sa pangangalap ng pondo ng pangangalagang medikal
- b. Ibigay ang lahat ng kinakailangang dokumento;
 - i. Kumpletuhin ang Financial Assistance Application Form ng Rush.
 - ii. Ibigay ang lahat ng suportang data na kinakailangan upang patunayan ang pagiging karapat-dapat, kabilang ang sumusuportang dokumentasyon na nagpapatunay ng kita.

Ang mga kopya ng aplikasyon sa tulong sa pananalapi, mga tagubilin at kinakailangang suportang data ay makukuha online sa www.rush.edu/financial-assistance, sa pamamagitan ng paghingi ng kopya nang personal sa alinman sa mga lugar ng pagpasok o pagpapatala ng pasyente ng mga ospital ng Rush, o sa pamamagitan ng paghingi ng libreng kopya sa pamamagitan ng koreo sa pakikipag-ugnayan sa Patient Access Department ng ospital ng Rush. Nasa ibaba ang karagdagang impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

- c. Makipagtulungan sa Rush at ibigay ang hiniling na impormasyon at dokumentasyon sa napapanahong paraan;
 - i. Maaaring magsumite ang mga pasyente ng isang aplikasyon hanggang sa 240 araw mula sa petsa kung saan naglabas ang Rush ng unang pahayag ng pagsingil pagkatapos ng paglabas.
 - ii. Walang aksyon ng pagkolekta ang sisimulan hanggang sa hindi bababa sa 120 araw pagkatapos na magbigay ang isang pasilidad ng Rush ng unang pahayag ng pagsingil pagkatapos ng paglabas.
- d. Kumpletuhin nang totoo ang kinakailangang application form;
 - i. Kung ang pasyente ay sadyang nagbibigay ng hindi totoong impormasyon, siya ay magiging hindi karapat-dapat para sa tulong sa pananalapi, ang anumang tulong sa pananalapi na ipinagkaloob ay maaaring mabawi, at maaaring maging responsable ang indibidwal sa pagbabayad ng buong bayarin.
 - ii. Kung makatanggap ang Rush ng hindi kumpletong aplikasyon, bibigyan ng Rush ang pasyente o ang kanyang legal na kinatawan ng listahan ng nawawalang impormasyon o dokumentasyon at bibigyan ang pasyente ng 30 araw upang isumite ang nawawalang impormasyon. Kung hindi napapanahong maibigay ng pasyente ang nawawalang impormasyon, maaaring simulan ng Rush ang mga aksyon ng pagkolekta tulad ng inilarawan sa ibaba.
- e. Gumawa ng mabuting pagsisikap na igalang ang mga tuntunin ng anumang makatwirang plano ng pagbabayad kung kwalipikado lamang ang indibidwal para sa bahagyang diskwento;

- f. Ipaalam agad sa Rush ang anumang pagbabago sa sitwasyon sa pananalapi upang masuri ng Rush ang epekto ng pagbabago sa pagiging karapat-dapat ng indibidwal para sa tulong sa pananalapi o plano ng pagbabayad.

Sa pagtanggap ng nakumpletong application form, gagawin ng Rush ang pinakamahasag na pagsisikap upang maipalam kaagad sa pasyente ang katayuan ng pagpapasya sa aplikasyon at pagiging karapat-dapat ng pasyente.

Kung inaprubahan ang isang pasyente para sa pangangalaga sa kawanggawa, ilalapat ng Rush ang naaangkop na diskwento sa tulong sa pananalapi sa lahat ng bukas na balanse. Ang mga refund ng anumang nakaraang pagbabayad, maliban sa mga co-pay, sa mga account ay dapat suriin at ibigay ayon sa kinakailangan ng batas at batay sa pag-apruba ng Application para sa mga pagbabayad na ginawa bago matapos ang Application.

Ang Charity Care ay inaprubahan sa simula para sa panahon ng 4 na buwan at mananatiling may bisa sa loob ng 12 buwan bago kailanganin ang bagong Application, hangga't ang Application ay may nagre-refresh na impormasyon ng pananalapi tuwing 4 na buwan pagkatapos ng paunang pag-apruba

Kung ginawa ang pagpapasya na ang isang pasyente ay may kakayahang magbayad para sa mga serbisyong medikal na kinakailangan, ang naturang pagpapasya ay hindi pumipigil sa isang pagtatasa sa hinaharap ng kakayahan ng pasyente na magbayad. May karapatan ang pasyente na talakayin ang kanyang pagpapasya ng pagiging karapat-dapat sa pamamagitan ng pakikipag -ugnayan sa isang Financial Counselor sa address at numero ng telepono na nakalista sa ibaba.

Mga Serbisyong Hindi Kasama sa Tulong sa Pananalapi

Para sa mga layunin ng patakarang ito, ang "medikal na kinakailangan" ay nangangahulugan ng anumang inpatient o outpatient na serbisyo sa ospital, kabilang ang mga gamot o supply na ibinigay ng ospital sa pasyente, na saklaw sa ilalim ng Title XVIII ng Social Security Act ng pederal para sa mga benepisyaryo na may parehong klinikal na presentasyon katulad ng hindi nakaseguro na pasyente. Alinsunod dito, ang mga sumusunod na serbisyo ay hindi itinuturing na "medikal na kinakailangan" sa ilalim ng patakarang ito:

- Mga serbisyong tinukoy ng Medicare bilang hindi saklaw. Halimbawa:
 - Mga pamamaraang pinipili
 - Gastric bypass surgery
 - Eksperimento, kabilang ang mga pamamaraan at aparato o implant na hindi inaprubahan ng FDA
 - Elective cosmetic surgery (ngunit hindi plastic surgery na dinisenyo upang iwasto ang pagkapangit sanhi ng pinsala, sakit, o congenital defect o deformity)
 - Mga serbisyong hindi medikal tulad ng mga serbisyong panlipunan at bokasyonal
 - Programa ng Karamdaman sa Pagkain
 - Mga ophthalmology lens implant
 - Pagkabaog
 - Pangangalaga na Orthodontic
 - Robotic Assisted Surgical Techniques, kung mayroong iba pang magagamit na nakagawiang paggamot
- Iba pang pagbubukod:
 - Mga serbisyong inilaan upang mapabuti lamang ang hitsura (ibig sabihin, Cosmetic), mga elective na serbisyo upang gamutin ang isang kondisyon ng kaghawahan o isang kondisyon na hindi nangangailangan ng agarang pansin, at/o mga serbisyong hindi medikal na kinakailangan.
 - Mga serbisyo o pamamaraan kung saan may makatwirang kapalit o kung may alternatibong serbisyo o pamamaraan na saklaw ng kompanya ng seguro ng pasyente.
 - Mga serbisyo o pamamaraan na hindi saklaw ng seguro para sa kakulangan ng pangangailangang medikal.
- Ang mga pribadong grupo ng manggagamot at mga kasayanan ng manggagamot ay hindi kinakailangang magbigay ng mga diskwento alinsunod sa patakaran ng tulong sa pananalapi na ito. Ang kumpletong listahan ng mga ibinukod na provider na ito ay makikita sa "Addendum 2" sa dulo ng dokumentong ito.

Para sa kumpletong listahan ng mga ibinukod na serbisyo ng ospital, mangyaring makipag-ugnayan sa isang Financial Counselor o Customer Service Representative sa mga numero ng telepono na nakalista sa huling pahina ng dokumentong ito.

Pagkalkula ng mga Halaga na Sinisingil sa mga Pasyente

Walang indibidwal na natukoy na karapat-dapat para sa tulong sa pananalapi ang sisingilin ng higit pa para sa emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga kaysa sa halaga na karaniwang sinisingil para sa mga indibidwal na may seguro na sumasaklaw sa naturang pangangalaga. Ang balanse kung saan inilapat ang anumang diskwento ay katumbas ng mga bill na sinisingil na naka-post sa account ng pasyente binawas ang anumang dating mga pagbabayad at pag-adjust ng seguro mula sa seguro ng pasyente (kung naaangkop). Sa ilalim ng batas ng Illinois, ang maximum na halaga na maaaring makolekta ng Rush mula sa mga pasyenteng hindi nakaseguro ay 20% ng kita ng pamilya, sa loob ng labindalawang buwan.

Tinutukoy ng Rush ang halaga na karaniwang sinisingil (AGB) sa mga indibidwal sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga bayad na paghahabol mula sa isang naunang 12 buwan na panahon upang matukoy ang aktwal na rate ng pagbabayad na ang Medicare at mga pribadong tagaseguro ay kolektibong nag-apply sa mga sinisingil ng Rush. Ang layunin ay upang matiyak na ang diskwento na ibinigay sa mga pasyente na karapat-dapat sa tulong sa pananalapi ay katumbas o mas malaki kaysa sa diskwento na ibinigay sa mga pasyenteng may seguro. Ang kasalukuyang rate ng pagbabayad ng AGB bilang isang porsyento ay makikita online sa www.rush.edu/financial-assistance/AGB. Maaari ding malaman ng mga pasyente ang higit pa tungkol sa pagkalkula na ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa isang Financial Counselor o Customer Service Representative sa mga numero ng telepono na nakalista sa huling pahina ng dokumentong ito.

Mga Koleksyon at Iba Pang Mga Aksyon na Ginagawa Sa Kaganapan ng Hindi

Pagbabayad

May karapatan ang Rush na ituloy ang mga koleksyon para sa mga hindi nabayaran at nakaraang balanse na dapat nang bayaran nang direkta o sa pamamagitan ng isang third party na ahensya ng koleksyon. Kung ang Financial Assistance Application Form ay hindi natapos at naisumite nang napapanahon, maaaring ituloy ng Rush ang mga koleksyon mula sa pasyente. Maaaring ilita ng Rush ang account ng pasyente sa isang credit agency o credit bureau. Inilalaan ng Rush ang karapatang maghangad na ilakip ang mga prenda sa mga benepisyo/nalikom sa seguro (sasakyan, pananagutan, buhay at kalusugan) na may kaugnayan sa proseso ng koleksyon nito sa lawak na umiiral ang third party na pananagutan ng seguro. Walang ibang personal na hatol o prenda ang hahanapin o isasampa laban sa mga karapat-dapat na indibidwal sa tulong sa pananalapi.

Bago makibahagi, o muling magsimula, ng alinman sa mga pambihirang aksyon sa koleksyon na nabanggit dito (maliban sa pagpapaliban o pagtanggì sa pangangalaga para sa hindi pagbabayad ng mga halaga para sa nakaraang pangangalaga), maglalabas ang Rush ng nakasulat na abiso sa pasyente na (i) naglalarawan ng mga tiyak na aktibidad sa koleksyon na balak nitong simulan (o ipagpatuloy), (ii) nagbibigay ng deadline pagkatapos na ang naturang (mga) aksyon ay sisimulan (o ipagpatuloy), at (iii) kasama ang buod sa simpleng pananalita ng patakarang ito (ang "ECA Initiation Notice"). Magsasagawa rin ng makatwirang pagsisikap ang Rush na ipaalam sa pasyente ang tungkol sa patakaran sa tulong sa pananalapi at kung paano siya makakakuha ng tulong sa proseso ng aplikasyon ng tulong sa pananalapi. Maaaring simulan ng Rush ang mga aktibidad ng koleksyon nang hindi mas maaga sa 30 araw mula sa petsa kung kailan nito inilabas ang ECA Initiation Notice, alinman sa pamamagitan ng koreo o electronic mail.

Alinsunod sa Patakaran sa Clearance ng Pananalapi, maaaring ipagpaliban o tanggihan ng Rush (o mangailangan ng pagbabayad bago ibigay) ang medikal na kinakailangang pangangalaga, ngunit hindi ang emergency na pangangalaga, dahil sa hindi pagbabayad ng pasyente para sa paunang pangangalaga. Hindi kailangang magbigay ng Rush ng ECA Initiation Notice na inilarawan sa itaas bago ipagpaliban o tanggihan (o mangailangan ng pagbabayad bago magbigay) ng pangangalaga batay sa nakaraang hindi pagbabayad. Gayunpaman, magbibigay ang Rush ng hiwalay na mga abiso, na inilarawan sa ibaba, pagkatapos ay maaari nitong ipagpaliban o tanggihan (o humiling ng pagbabayad bago magbigay) ng pangangalaga kaagad.

Ang kinakailangang abiso na partikular sa pagkilos ng koleksyon na ito ay natugunan kung nagbibigay ang Rush ng kopya ng form ng aplikasyon ng tulong sa pananalapi nito sa pasyente, ipinaalam sa kanya sa sulat na magagamit ang tulong sa pananalapi, at nagbibigay ng deadline pagkatapos nito ay hindi ito tatanggap ng isang aplikasyon ng tulong sa pananalapi para sa naunang ibinigay na pangangalaga. Kailangan ding magbigay ng Rush ng buod sa simpleng pananalita

ng patakarang ito sa pasyente at berbal na ipaalam sa pasyente ang tungkol sa patakarang ito at kung paano makakakuha ng tulong ang pasyente sa pagkumpleto ng aplikasyon.

Ang deadline upang magsumite ng aplikasyon ng tulong sa pananalapi ay hindi dapat mas maaga kaysa sa huling 30 araw mula sa petsa ng nakasulat na abiso o 240 araw mula sa petsa ng unang pahayag ng pagsingil pagkatapos ng paglabas para sa naunang ibinigay na pangangalaga. Kung isinumite nang napapanahon ang isang aplikasyon ng tulong sa pananalapi, ipoproseso ito ng Rush nang mabilisan upang mabawasan ang anumang panganib sa kalusugan ng pasyente.

Mga Plano sa Pagbabayad

Ang mga buwanang plano sa pagbabayad ay magagamit ng mga indibidwal na may natitirang balanse ng pasyente. Para sa karagdagang impormasyon mangyaring tingnan ang aming mga mapagkukunan ng pagsingil sa pasyente sa <https://www.rush.edu/patients-visitors/billing>.

Pagiging kompidensyal

Iginagalang ng Rush ang pagiging kompidensiyal at dignidad ng mga pasyente nito at nauunawaan na maaaring maging isang sensitibong isyu ang pangangailangan na mag-apply para sa tulong sa pananalapi. Magbibigay ang mga kawani ng Rush ng access sa impormasyon na may kaugnayan sa tulong sa pananalapi lamang sa mga direktang kasangkot sa proseso ng pagpapasya at susunod sa lahat ng kinakailangan ng HIPAA para sa paghawak ng personal na impormasyon ng kalusugan.

Pagsasapubliko ng Patakarang

Ang bawat ospital ng Rush ay malawak na ipaalam sa publiko ang programang ito sa loob ng komunidad na pinaglilingkuran nito. Para sa layuning iyon, gagawin ng Rush ang mga sumusunod na hakbang upang matiyak na ang mga miyembro ng mga komunidad na paglilingkuran ng mga ospital nito ay may kamalayan sa programa at may access sa patakarang ito at ang mga kaugnay na dokumento.

- Gagawa ang Rush ng kopya ng Patakarang ito na magagamit ng komunidad sa pamamagitan ng pag-post nito online sa www.rush.edu/financial-assistance kasama ang mga mada-download na kopya ng financial assistance application (form at mga tagubilin), at isang buod sa simpleng pananalita ng Patakarang ito. Walang magiging bayad para sa pag-access sa mga materyales na ito.
- Aabisuhan ng mga ospital ng Rush at magpapaalam sa mga bisita tungkol sa programang ito sa pamamagitan ng kapansin-pansinga mga pampublikong display sa mga lugar na idinisenyo upang maakit ang pansin ng mga bisita.
- Magbibigay ng impormasyon ang Rush, sa parehong print at online, ng patakarang ito, ang buod sa simpleng pananalita, at ang mga Financial Assistance Application Form sa Ingles, Espanyol, Tsino-Mandarin, Tagalog at Polish.
- Kasama sa bawat billing statement para sa mga self-pay account ang impormasyon tungkol sa Financial Assistance Program.
- Isasama ng bawat ospital ang impormasyon sa pagkakaroon ng tulong sa pananalapi sa mga gabay ng pasyente na ibinigay sa mga pasyente sa emergency room, pagpasok sa ospital, o mga lugar ng pagpaparehistro.

Makipag-ugnayan sa Amin

Para makakuha ng kopya ng mga financial assistance application form, mangyaring bisitahin ang www.rush.edu/financial-assistance. Ang mga papel na kopya ng aplikasyon ay magagamit din sa mga sumusunod na lokasyon:

Emergency Department – 1st Floor Tower

Rush Medical Labs – Professional Building, Room 439

Admitting Department – 4th Floor Atrium, Room 416

Outpatient Radiology – Professional Building, Room 461

Rush Oak Park Admitting/Registration/Emergency Department - 520 S Maple Ave, Oak Park (main Hospital)

Rush Oak Park Financial Counselors - 520 S Maple Ave, Oak Park (main Hospital)

Rush Copley Medical Center - 2000 Ogden Ave, Aurora, IL 60504 (magagamit sa lahat ng lokasyon ng Pagpaparehistro)

Rush University Medical Center, Rush Oak Park Hospital, at mga kaanib na Provider ng Rush Medical Group

Dapat ibalik o ipadala sa koreo ang mga nakumpletong aplikasyon sa:

Rush University Medical Center
1653 W. Congress Pkwy
415 Atrium Building - Financial Counselors
Chicago, IL 60612
(312) 942-5967, Lunes hanggang Biyernes, 8 am 4:30 pm
O mag-email sa amin sa financial_counselor@rush.edu

Dapat isangguni ang mga tanong sa billing sa:

Serbisyo sa Customer
(312) 942-5693 o (866) 761-7812, Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 4:30 pm
O mag-email sa amin sa billing_info@rush.edu

Rush Copley Medical Center at mga kaanib na Provider ng Rush Medical Group

Dapat ibalik o ipadala sa koreo ang mga nakumpletong aplikasyon sa:

Rush Copley Medical Center
2000 Ogden Avenue
Aurora, IL 60504
(630) 978-4990, Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 4:30 pm
O mag-email sa amin sa RC_Business_Office@rush.edu

Dapat isangguni ang mga tanong sa billing sa:

Serbisyo sa Customer
(630) 978-4990, Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 4:30 pm
Mag-email sa amin sa: RC_Business_Office@rush.edu

Mga Kahulugan

Mga Halagang Karaniwang Sinisingil/Diskwento sa mga Halagang Karaniwang Sinisingil: Ang diskwento na kinakailangan upang matiyak na ang mga singil para sa pangangalaga para sa mga Serbisyo sa Emergency o iba pang pangangalagang Medikal na Kinakailangan na ibinigay sa panahon ng isang pagbisita sa outpatient o inpatient na pananatili ng mga indibidwal na karapat-dapat para sa Tulong sa ilalim ng Patakarang ito ay hindi hihigit sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga indibidwal na may Medicare o komersyal na seguro na sumasaklaw sa naturang pangangalaga. Ang pagkalkula ng Diskwento sa Karaniwang Halagang Sinisingil ay dapat na alinsunod sa batas batay sa look-back method.

Aplikante: Ang Aplikante ay ang taong nagsusumite ng Aplikasyon, kabilang ang Pasyente at/o ang Guarantor ng Pasyente.

Aplikasyon: Isang Aplikasyon para sa Tulong.

Panahon ng Aplikasyon: Ang panahon kung kailan kailangang matanggap at maproseso ng Rush ang isang Aplikasyon upang magkaroon ng makatwirang pagsisikap na matukoy kung karapat-dapat ang Aplikante para sa Tulong. Ang Panahon ng Aplikasyon ay nagsisimula sa petsa na naibigay ang pangangalaga sa indibidwal at nagtatapos sa ika-240 araw pagkatapos ng petsa ng unang pahayag ng pagsingil pagkatapos ng paglabas.

(Mga) Sinisingil na Bayarin: Ang mga bayarin na sinisingil para sa isang serbisyo batay sa charge master na may bisa sa oras ng serbisyo bago ilapat ang anumang allowance, diskwento, o pagbabawas ng kontrata.

Mga Serbisyong Pang-emergency: Kabilang sa mga Serbisyong Pang-emergency ang mga serbisyong natanggap sa pamamagitan ng Emergency Department for Emergency Medical Conditions, o iba pang serbisyong natukoy at itinakda sa isang apendiks ng patakarang ito.

Pambihirang Aksyon sa Koleksyon: Ang mga aksyon na maaaring gawin ng Rush laban sa isang indibidwal na may kaugnayan sa pagkuha ng pagbabayad nang buo para sa isang bill na saklaw sa ilalim ng Tulong. Ang mga pagsisikap na ito ay maaaring kabilang ang pangangailangan ng pagbabayad para sa nakaraang pangangalaga at/o paglalagay ng prenda sa ari-arian ng pasyente.

(Mga) Gabay sa Kahirapan ng Pederal: Ang Federal Poverty Guidelines na na-update nang pana-panahon sa Federal Register ng United States Department of Health and Human Services sa ilalim ng awtoridad ng 42 USC 9902(2). Nakalakup ang mga patnubay sa isang hiwalay na talahanayan at aayusin taun-taon kasunod ng paglabas ng update sa mga gabay sa kahirapan sa Federal Register at sa website ng U.S. Department of Health and Human Services.

Guarantor: Ang indibidwal na pinansiyal na responsable para sa mga serbisyong ibinibigay sa isang pasyente.

Kita ng Sambahayan: Kita na maiuugnay sa sambahayan ng Aplikante batay sa mga kahulugang ginamit ng Kawanihan ng Senso ng Estados Unidos. Kasama sa Kita ng Sambahayan ang lahat ng kita bago ang buwis, kabayaran sa kawalan ng trabaho, kompensasyon ng mga manggagawa, Social Security, Supplemental Security Income, mga pagbabayad ng tulong sa publiko, pagbabayad ng mga beterano, mga benepisyo ng survivor, pensyon o kita sa pagreretiro, interes, dividend, renta, royalty, kita mula sa mga ari-arian, trust, tulong pang-edukasyon, sustento, tulong mula sa labas ng sambahayan, at iba pang mapagkukunan. Ang mga benepisyo na hindi pera (tulad ng SNAP at mga subsidyo sa pabahay) ay hindi itinuturing na Kita ng Sambahayan.

Kung ang Aplikante ay nagpapahiwatig na ang adjusted gross income na nakalista sa pinakahuling tax return ng Aplikante ay hindi tumpak (hal., ang Aplikante ay hindi na nagtatrabaho o binabayaran ng ibang halaga), ang Kita ng Sambahayan ay dapat kalkulahan batay sa iba pang magagamit na dokumentasyon (hal., mga pay stub, unemployment statement, atbp.). Kabilang sa Kita ng Sambahayan ang kita ng lahat ng miyembro ng sambahayan.

Residente ng Illinois: Ang Residente ng Illino ay isang pasyente na nakatira sa Illinois at balak na manatiling nakatira sa Illinois nang walang hanggan. Ang paglipat sa Illinois para sa tanging layunin ng pagtanggap ng mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan ay hindi nakasasapat sa kinakailangan sa paninirahan sa ilalim ng Illinois Hospital Uninsured Patient Discount Act (“HUPDA”). Kinakailangan ng HUPDA na ang Hindi Nakaseguro na Pasyente ay residente ng Illinois, ngunit *hindi* kinakailangan na ang Pasyente ay legal na naninirahan sa Estados Unidos. Maaaring kailanganin sa mga pasyente na magbigay ng katibayan ng paninirahan sa Illinois ayon sa kondisyon sa ilalim ng HUPDA. Ang paglipat sa Illinois para sa tanging layunin ng pagtanggap ng mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan ay hindi nakasasapat sa kinakailangan sa paninirahan sa ilalim ng kahulugang ito. Kasama sa Rush ang karagdagang tatlong collar county ng Lake, LaPorte at Porter.

Nakaseguro na Pasyente: Ang pasyente na saklaw sa ilalim ng patakaran ng segurong pangkalusugan o isang benepisyaryo sa ilalim ng pampubliko o pribadong segurong pangkalusugan, benepisyo sa kalusugan, o iba pang programa ng saklaw sa kalusugan, kabilang ang plano ng seguro sa kalusugan na mataas ang deductible, kompensasyon ng manggagawa, seguro sa pananagutan sa aksidente, o iba pang pananagutan ng third party.

Medikal na Kinakailangan: Anumang serbisyo na pangangalagang pangkalusugan na inpatient o outpatient, kasama ang mga gamot o supply, saklaw sa ilalim ng Title XVIII ng Social Security Act ng pederal para sa mga benepisyaryo na may parehong klinikal na presentasyon katulad ng pasyente. Hindi isinasama ng serbisyong "Medikal na Kinakailangan" ang alinman sa mga sumusunod: (1) mga serbisyong di-medikal tulad ng mga serbisyong panlipunan at bokasyonal; o (2) elective cosmetic surgery, ngunit hindi plastic surgery na dinisenyo upang iwasto ang pagkapapangit sanhi ng pinsala, sakit o congenital defect o deformity.

Pasyente: Ang indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo..

Buod sa Simpleng Pananalita: Isang malinaw, maikli, at madaling maunawaan na nakasulat na pahayag na nagpapaalam sa isang indibidwal na nag-aalok ng Tulong ang Rush at nagbibigay ng sumusunod na impormasyon: (i) maikling paglalarawan ng mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat at tulong na iniaalok sa ilalim ng Patakarang ito; (ii) maikling buod kung paano mag-apply ng Tulong sa ilalim ng Patakarang ito; (iii) isang direktang listahan ng website address o URL at mga pisikal na lokasyon kung saan maaaring makakuha ng kopya ng Patakarang ito at ng mga Aplikasyon; (iv) mga tagubilin kung paano makakuha ng libreng kopya ng Patakaran at Aplikasyon sa pamamagitan ng koreo; (v) impormasyon sa pakikipag-ugnayan (kabilang ang mga numero ng telepono at pisikal na lokasyon, kung

naaangkop) ng mga tanggapan o departamento na maaaring magbigay sa indibidwal ng proseso ng Aplikasyon; (vi) pagkakaroon ng mga pagsasalin; at (vii) isang pahayag na walang Pasyenteng karapat-dapat sa Tulong ang sisingilin nang higit pa sa mga Halaga na Karaniwang Sinisingil.

Hindi Nakaseguro na Pasyente: Isang Pasyente na hindi saklaw sa ilalim ng patakaran ng seguro sa kalusugan o hindi benepisyaryo sa ilalim ng pampubliko o pribadong seguro sa kalusugan, benepisyo sa kalusugan, o ibang programa ng saklaw sa kalusugan, kasama ang mga plano ng seguro sa kalusugan na may mataas na deductible, kabayaran sa manggagawa, seguro ng pananagutan sa aksidente, o iba pang pananagutan sa third party.

Addendum 1: Rush University Medical Center, Rush Oak Park Hospital, at mga Kaanib na Provider

Magagamit ang mga Karagdagang Diskwento

Kabilang sa mga programang magagamit ang mga sumusunod:

Hindi saklaw na Diskwento

Para sa ilang hindi saklaw o hindi medikal na kinakailangang mga serbisyo, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga kosmetikong pamamaraan, in vitro fertilization at bariatric surgeries, binuo ng Rush ang naka-package na pagpepresyo. Para sa iba pang hindi saklaw o hindi medikal na kinakailangang mga serbisyo para sa kung saan hindi magagamit ang naka-package na pagpepresyo, maaaring maging karapat-dapat ang mga pasyente para sa hanggang sa isang 50% diskwento sa singil. Ang diskwentong ito, pati na rin ang anumang naka-package na pagpepresyo, ay nalalapat sa lahat ng pasyente anuman ang paninirahan sa estado o katayuan ng seguro.

Hindi maaaring gamitin ang iba pang diskwento kasabay ng naka-package na pagpepresyo. Bukod dito, ang mga diskwento sa tulong sa pananalapi, ang diskwento ng pasyente na hindi nakaseguro at ang hindi saklaw na diskwento ay maaaring hindi gamitin kasabay ng bawat isa. Lahat o isang bahagi ng pagbabayad ay maaaring kailanganin nang harapan. Ang mga pasyente na humihingi ng mga diskwentong ito ay hinihikayat na makipag-usap sa isang tagapayo sa pananalapi o serbisyo sa customer nang maaga sa serbisyo na ibinibigay

Sobrang Bihirang Sakit

Tanging ang mga pasyenteng nakatala sa isang klinikal na pagsubok sa pamamagitan ng Rush para sa isang sobrang bihirang sakit, tulad ng tinukoy ng National Institutes of Health, ay hindi kailangang magsumite ng patunay ng paninirahan sa Illinois, ngunit dapat pa ring matugunan ang lahat ng iba pang kinakailangan na itinakda sa Patakarang ito upang maging karapat-dapat para sa Presumptive Charity Care, Charity Care o Uninsured Patient Discount ng Rush.

**Rush University Medical Center/Rush Oak Park Hospital Rush University / Mga Kaanib na Provider
Patakaran at Pamamaraan para sa Pag-access ng Pasyente at Pagsingil sa
Pasyente**

Seksyon: Mga Programang Tulong sa Pananalapi – Addendum 2

Paksa: Patakaran sa Tulong sa Pananalapi

Petsa: 7/1/2024

Listahan ng mga Provider na HINDI Sumusunod sa Patakaran sa Tulong sa Pananalapi ng Rush

Ang mga kasanayan sa pagsingil at diskwento na nauugnay sa Programang Tulong sa Pananalapi ng Rush ay HINDI nalalapat sa mga sumusunod na mga manggagamot o grupo ng manggagamot o sa kanilang mga kaakibat na manggagamot. Samakatuwid, ang anumang propesyonal na bayad na nauugnay sa mga manggagamot o grupo ng manggagamot na ito ay hindi kasama sa patakaran.

Mga grupo ng manggagamot:

Advanced Urology, LTD	Illinois Retina Associates, SC	UIC Physician Group
All For Women Healthcare	Innovative Care, LLC	University Anesthesiologists, SC
Ann & Robert H Lurie Children's Hospital	Kehoe & Djordjevic, SC	University Cardiologists
Advocate Physician Partners	Lake Street Family Physicians, SC	University Ophthalmology Assoc.
Apollo Emergency Physicians	Marianjoy Medical Group	University Pathology Diagnostics, SC
Benedict L Gierl MD and Associates	MD2 Chicago	UroPartners, LLC
Cardiothoracic & Vas. Surg Assoc., SC	Midwest Orthopaedics at Rush, LLC	Valley Imaging Associates
Center for Derm. & Aesthetic Med. LLC	Midwest Podiatry Services, LTD	Whole Beauty Institute
Chicago Cornea Consultants, Ltd	Millennium Park Medical Assoc., SC	Woman to Woman Healthcare
Chicago Eye Specialists	MWM Medical, SC	Women's Health Consultants
Chicago Glaucoma Consultants	NAPA Anesthesia	Your Health and Wellness
Christy Cardiology, Ltd	NCH Neurosciences Center	Zavala Internists, SC
Comprehensive Cntr for Women's Med, LLC	Neurological Surgery & Spine Surgery	
Dreyer Medical Group	North Shore Medical Associates	
Duly Health	NYE Partners	
Edmund J. Lewis & Associates, SC	Palmer & Zavala, SC	
Elmhurst Neuroscience Institute	Pathology Associates of Aurora, LLC	
Empact Emergency Phys. Partners	Plastic and Reconstructive Surgery	
Encinas Medical Center	Quest Diagnostics	
Esperanza Health Centers	Quintessential Care	
Eye Care, Ltd	Rehab Associates of Chicago	
Eye Center Physicians, Ltd	Rheumatology Associates, SC	
From Pain to Wellness, LLC	Select Medical	
Geriatric Care Partners	Shift Medical Ltd	
Guardian Anesthesia	The Gynecology Inst. of Chicago, Ltd	
Illinois Cardiovascular Specialists	Thomas R. Mizen, M.D. & Assoc., LLC	